# Bitaw

**Daryl Ong**

'Di ako manhid
Ramdam ko ang 'yong panlalamig
'Di umiimik
Ngunit ako'y hangal kung di ko batid
Na 'pag...

Kahit ang simpleng bagay
Pagmumulan ng away
'Di mo kailangang itago na nagsasawa ka na
(Kaya ngayon...)
Malaya ka na...

Kahit na ikaw ang laman ng puso
Handa 'kong bumitaw at ika'y isuko
Hindi ko na 'to pahahabain pa
Bakit kakapit pa?
Kung gusto mo nama'y iba

Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw

Kung maririnig
Ikaw pa rin ang sigaw ng dib-dib
Nand'on pa rin ang sakit
Nadarama t'wing puso'y pipintig
Kasi...

Hindi to simpleng bagay
Dapat na 'kong masanay
Sa bagong buhay, 'di tulad nung dating hawak kita
('Pagkat ngayon...)
Malaya ka na...

Kahit na ikaw ang laman ng puso
Handa 'kong bumitaw at ika'y isuko
Hindi ko na 'to pahahabain pa
Bakit kakapit pa
Kung gusto mo nama'y iba

Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw

Dapat masanay nang wala ka
Sa pagtulog ko sa gabi
At pag-gising sa umaga
Tanging unan na lang ang katabi
At 'di na magbabalik...

Kahit na ikaw ang laman ng puso
Handa 'kong bumitaw at ika'y isuko
Hindi ko na 'to pahahabain pa
Bakit kakapit pa
Kung gusto mo nama'y iba

Nagyo'y naliligaw kung saan tutungo
Ang puso kong ikaw pa rin ang tinuturo
Hindi ko na 'to pahahabain pa
Palalayain ka
Kakayanin kong mag-isa

Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw
(Sige na sige, sige, sige)
Ako'y bibitaw

Ako'y bibitaw


Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!